



Ang Salitang Nagbibigay-Lakas



(Pambungad na Panalangin)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Neh 8:2-4a, 5-6, 8-10)

²NOONG mga araw na iyon, kinuha ni Ezra na saserdote ang aklat ng Kautusan. Dinala niya ito sa kapulungang binubuo ng mga lalaki, babae, at mga batang may sapat nang gulang at pang-unawa. ³**Mula sa umaga hanggang tanghali, binasa niya ang Kautusan** sa harapan ng mga taong natitipon sa liwasang bayan. **Ang lahat naman ay nakinig na mabuti.**

⁴Si Ezra'y nakatayo sa isang entabladong kahoy na sadyang itinayo sa pagkakataong iyon. ⁵Siya ay nakikita ng lahat, sapagkat mataas ang kanyang kinatatayuan. Ang lahat ay tumayo nang buksan niya ang aklat.

⁶“Purihin ang Panginoon, ang dakilang Diyos!” ang wika niya.

Ang lahat ay nagtaas ng kanilang

mga kamay at sumagot, “Amen, Amen.” Pagkatapos, nagpatirapa sila bilang paggalang sa Panginoon. ⁸Binasa ng mga Levita nang maliwanag ang batas na ito ng Diyos at ipinaliwanag na mabuti ang kahulugan.

⁹Nang malaman ng mga tao ang mga dapat nilang gawin ayon sa Kautusan, nabagbag ang kanilang kalooban, anupat sila'y napaiyak. “Ang araw na ito ay dakila sa Panginoon na inyong Diyos,” wika nina Nehemias, at Ezra at mga Levita. Nakikinig ang mga tao at umiiyak nga kaya't sinabi nila, “Huwag kayong umiyak.” ¹⁰Wika pa nila, “Umuwi na kayo at magdiwang! Ang walang pagkain at inumin ay bahaginan ng mayroon, sapagkat ang araw na ito'y dakila sa Panginoon. Ang kagalakang dulot niya ay magiging kalakasan ninyo.”

Tema: **Ang Pagbabasa ng Banal na Kasulatan sa Komunidad**

PAGPAPALIWANAG

- Si Nehemias ang gobernador ng Judea na muling nagtayo ng siyudad ng Jerusalem pagkabalik nila mula sa kanilang pagkakatapon sa Babilonya. Ang kabuuan ng mga gawa ni Ezra at Nehemias ay ang [pagpapanibago) pagbabalik-loob ng mga piniling sambayanan ng Diyos.
- Si Ezra, ang pari at eskriba sa templo, ang namumuno sa kapulungan. Siya ang nagpapahayag ng Torah.
- Ang kapulungan ay nagpapakita ng matinding paggalang sa kautusan: lumuluhod sila at nagpapatirapa sa Diyos (b. 7).
- Ipinapaliwanag naman ni Ezra ang isinasaad ng Kautusan sa mga tao upang maintindihan nila kung ano ang ipinapahayag nito (b. 8), at tumatangis sila sa tuwing naririnig nila ang Aklat ng Torah (b. 9). Ito ang mga biyayang hatid ng kautusan: ang pagkain ng masasarap na pagkain at pag-inom ng mga bagong alak (pagdiriwang), at pagbibigay ng pagkain sa mga walang makain (pamamahagi) na nangangahulugan ng kagalakan at kalakasang nagmumula sa Diyos.

PAGNINILAY

Ang pagbasa ng Torah sa isang pagtitipon na nagsasama-sama, nagpapayabong, nagpapalakas, at bumubuhay sa komunidad ng may kagalakan.

SALMONG TUGUNAN (Slm 15)

ESPIRITUNG BUMUBUHAY, ANG SALITA NG MAYKAPAL.

IKALAWANG PAGBASA (1 Cor 12:12-14, 27)

¹²MGA KAPATID: Si Kristo’y tulad ng **isang** katawan na may maraming bahagi; bagamat binubuo ng iba’t ibang bahagi, **iisa** pa

ring katawan. ¹³Tayong lahat, maging Judio o Griego, alipin man o malaya, ay bininyagan sa **iisang** Espiritu upang maging **isang** katawan. Tayong lahat ay pinainom sa **isang** Espiritu.

¹⁴Ang katawan ay binubuo ng maraming bahagi at hindi ng **isang** bahagi lamang. ²⁷Kayo ngang lahat ang iisang katawan ni Kristo at bawat **isa’y** bahagi nito.

Tema: **Pagkakaisa**

PAGPAPALIWANAG

- Itinuturo ni Pablo ang pagkakaisa dahil sa mga tanong sa mga espirital na kaloob. Ang pagkakaunawa ng iba ay nakakahigit ang pagsasalita ng iba’t ibang wika, at pagpapaliwanag ng mga wikang iyon kaysa sa ibang espirital na kaloob (ipinapaliwanag ito ng bb. 1-11).
- Ang paghahalintulad sa katawan ay ginamit ni Pablo. Maraming bahagi ngunit gumagalaw bilang isa.
- Mayroon tayong iba’t ibang mga kaloob, iba’t ibang karisma, iba’t ibang gawain. Ngunit dahil nagmula ang mga ito sa Diyos at sa patnubay ng iisang Espiritu Santo, kailangan nating maging isa dahil ang bawat isa ay marapat na gumawa para sa ikabubuti ng lahat at para sa pagtataguyod ng komunidad.

PAGNINILAY

Kapag tayo ay magkakasama at nagkakaisa, ang ating tinig para ipahayag ang Salita ay mas malakas at mas mabisa.

MABUTING BALITA (Lc 1:1-4; 4:14-21)

¹KAGALANG-GALANG na Teofilo: Marami na po ang nagsikap na sumulat tungkol sa mga bagay na naganap sa gitna namin. ²Ang kanilang sinulat ay ayon sa sinabi sa amin ng mga nakasaksi nito buhat sa pasimula at nangaral ng Salita. ³Matapos na



ako’y makapagsuri nang buong ingat tungkol sa lahat ng bagay na ito buhat pa sa pasimula, minabuti ko pong sumulat ng isang maayos na salaysay para sa inyo ⁴upang lubusan ninyong matiyak ang katotohanan ng mga bagay na itinuro sa inyo.

¹⁴Noong panahong iyon, bumalik si Hesus sa Galilea, at sumasakanya ang kapangyarihan ng Espiritu Santo. Kumalat sa palibot na lupain ang balita tungkol sa kanya. ¹⁵Nagturo siya sa kanilang mga sinagoga; at dinakila siya ng lahat.

¹⁶Umuwi si Hesus sa Nazaret na kanyang nilakhan. Gaya ng kanyang kinagawian, pumasok siya sa sinagoga nang Araw ng Pamamahinga. Tumindig siya upang bumasa; ¹⁷at ibinigay sa kanya ang aklat ni Propeta Isaias. Binuksan niya ang aklat sa dakong kinasusulatan ng ganito: ¹⁸“Sumasaakin ang Espiritu ng Panginoon, sapagkat hinirang niya ako upang ipangaral sa mga dukha ang Mabuting Balita. Sinugo niya ako upang ¹⁹ipahayag sa mga bihag na sila’y lalaya, at sa mga bulag na sila’y makakikita; upang bigyang- kaluwagan ang mga sinisiil, at ipahayag ang pagliligtas na gagawin ng Panginoon.”

²⁰Nilulon niya ang kasulatan, at matapos isauli sa tagapaglingkod, siya’y naupo. Nakatitig sa kanya ang lahat ng nasa sinagoga.

²¹At sinabi niya sa kanila: **“Natupad ngayon ang bahaging ito ng Kasulatan samantalang nakikinig kayo.”**

Tema: **Ang Karuparan ng Kasulatan**

PAGPAPALIWANAG

- Nilukuban ng Banal na Espiritu Santo si Lucas upang isulat ang mga patungkol kay Hesus sa tamang pagkakasunod-sunod. Ang ibig sabihin ng Teofilo ay nagmamahal sa Diyos o minamahal ng Diyos—*vice versa!*


(mula ito sa salitang *Theo* na ang ibig sabihin ay Diyos, ang *philein* ay nangangahulugang pagibig).

- Nakasaad sa panimula ng Ebanghelyo ang misyon ni Hesus, katulad ng pagpapahayag ng Presidente tungkol sa ginagawa ng kanyang pamahalaan. Ang misyon ni Hesus ay puspos ng Espiritu Santo (b. 14).
- Habang ipinapahayag ni Hesus ang mga sulat ni Propeta Isaias, itinuturo Niya ang mga milagrong Kanyang ginawa sa kanyang misyon (mula 18 hanggang sa mga sumunod pang talata): ipangaral ang mabuting balita sa mga dukha, ipahayag sa mga bihag na sila’y lalaya, muling makakita ang mga bulag, bigyang kaluwagan ang mga inaapi at ipahayag na ang panahon ng pagliligtas ng Panginoon.
- Ang salitang-ugat ng Isaias (*Isai Yah*) ay nangangahulugan ding si Yahweh ay nagliligtas.
- Ang panahon ng pagliligtas ng Panginoon ay nagdudulot ng larawan ng pagdiriwang ng Taon ng Jubileo na ipinagdiriwang nila tuwing ikalimampung taon, kung kailan ang mga utang ay pinawawalang-bisa na.
- At si Hesus, bilang propeta, pinatunayan Niya ang katuparan ng mga ito matapos Niya itong ipahayag

II. PAG-UGNAY

Ang pagpapahayag ng Salita ay nagpapanumbalik ng nasirang pakikipag-ugnayan ng Diyos at ng Kanyang sambayanan (Unang Pagbasa). Kung gayon, kailangan nating magkaisa sa ating Panginoon. At ang epekto nito ay nagiging mas malikhain at mapanuri tayo sa ating tungkulin sa komunidad dahil nalalaman natin na ang mga kaloob natin ay magpapatatag ng komunidad (Ikalawang

Pagbasa). Kailangang makita at maisabuhay natin ang Salita ng Diyos at dahil tayo ay puspos ng Espiritu ng Diyos, akayin natin ang iba na bumalik sa pagpapahalaga ng buhay sa pamamagitan ng pagpapahayag ng Mabuting Balita, ang Salita ng Diyos— ang tunay na kalayaan ng sangkatauhan (Ebanghelyo).

ST PAULS SEASONALS 2019

III. SALAMIN NG BUHAY

1. Ngayon ay Pambansang Linggo ng Bibliya.


2. Bakit si San Geronimo ang itinuturing na Patron ng mga mag-aaral ng Bibliya at nang lahat ng nagmamahal dito?

3. Balik Tanaw: Isang karanasan kung saan pinalakas ang loob mo ng Salita ng Diyos. Paano ito nangyari?

-Pagpapaliwanag: Br. Hansel Mapayo, SSP

-Isinalin ni Nov. Jaypee A. Peña

(Pangwakas na Panalangin)


PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak, at sa Espiritu Santo. Kapara ng sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

Kung nais po ninyong makatulong sa ating Biblical Apostolate, maari pong magdonate ng legal size na bond paper sa:

ST PAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City
Tels: 895-37-16; 890-7130

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maaalaala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin. *Luwalhati...* (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)